Ang Love Letter Ng Ama

Aking Anak...

Marahil hindi mo Ako kilala, subalit batid ko ang lahat tungkol sa iyo ... Awit 139:1 *Batid ko kapag ika'y nakaupo at kapag ika'y nakatindig* ... Awit 139:2 *Batid ko ang lahat ng gawain mo* ... Awit 139:3 *Maging ang mga buhok mo sa ulo ay aking nabibilang* ... Mateo 10:29-31 *Pagkat ika'y nilikha sa aking wangis* ... Genesis 1:27 *Sa akin ika'y buhay, nakakakilos at ganap* ... Gawa 17:28 *Pagkat ika'y nagbuhat sa akin* ... Gawa 17:28 *Kilala na kita bago ka pa ipinaglihi* ... Jeremias 1:4-5 *Hinirang na kita nang balakin ko ang paglikha* ... Efeso 1:11-12 *Hindi ka isang pagkakamali, pagkat lahat ng araw mo'y nakatitik sa aking aklat* ... Awit 139:15-16 *Aking itinakda ang panahon ng 'yong pagsilang at saan ka mananahan* ... Gawa 17:26 *Buong ingat at buong inam kitang nilikha*... Awit 139:14 *Aking hinugis ang lahat mong sangkap sa sinapupunan ng 'yong ina* ... Awit 139:13 *At iniluwal ka sa araw ng 'yong pagsilang*... Awit 71:6 *Ako'y di wastong pinakilala ng mga hindi nakakikilala sa akin*... Juan 8:41-44 *Hindi Ako malayo ni galit, sa halip Ako'y ganap na kapahayagan ng pag-ibig* ...1 Juan 4:16 *At nasa 'kong puspusin kita ng aking pag-ibig* ...1 Juan 3:1 *Dahil ika'y aking anak at Ako ang iyong ama* ...1 Juan 3:1 *Aking ihahandog sa iyo ang higit pa sa maaaring ibigay ng iyong ama* ... Mateo 7:11 *Dahil Ako ang ganap na ama* ... Mateo 5:48 *Lahat ng mabuting kaloob na iyong tinatanggap ay galing sa aking kamay* ... Santiago 1:17 *Pagkat Ako ang nagkakaloob at katatagpuin ko ang lahat ng iyong pangangailangan* ... Mateo 6:31-33 *Aking plano para sa iyong kinabukasan ay laging puspos ng pag-asa* ... Jeremias 29:11 *Pagkat ika'y mahal ko ng walang hanggang pag-ibig* ... Jeremias 31:3 *Ang aking isipan patungkol sa iyo ay sindami ng buhangin sa dalampasigan* ... Awit 139:17-18 *At Ako'y masayang aawit sa iyo ng may kagalakan* ... Sofonias 3:17 *Ako'y di titigil sa paggawa ng mabuti sa'yo* ... Jeremias 32:40 *Dahil ikaw ang aking pinakamamahal na kayamanan* ... Exodo 19:5 *Aking nais na patatagin ka ng buong puso't kaluluwa ko* ... Jeremias 32:41 *At nais kong ipahayag sa iyo ang mga dakila't mahihiwagang bagay* ... Jeremias 33:3 *Kung Ako'y buong puso mong hahanapin, Ako'y iyong masusumpungan* ... Deuteronomio 4:29 *Hanapin mo sa akin ang iyong kaligahayan at aking ibibigay ang mga naisin ng iyong puso* ... Awit 37:4 *Pagkat Ako ang nagbigay ng iyong mga naisin* ... Filipos 2:13 *Ako'y makagagawa ng higit sa iyong iniisip* ... Efeso 3:20 *Dahil Ako ang iyong dakilang mang-aaliw* ...2 Tesalonica 2:16-17 *Ako din ang Ama na aaliw sa iyo sa lahat ng kapighatian* ...2 Corinto 1:3-4 *Kapag ika'y bigo, Ako'y malapit sa iyo* ... Awit 34:18 *Tulad ng pagkanlong ng pastol sa isang tupa, Kinanlong kita palapit sa aking puso* ... Isaias 40:11 *Isang araw papahirin ko ang bawat luha sa iyong mga mata* ... Pahayag 21:3-4 *At aking papawiin ang lahat ng hirap na iyong dinanas sa mundong ito* ... Pahayag 21:3-4 *Ako ang iyong Ama, at iniibig kita gaya ng aking pag-ibig sa aking anak na si Jesus* ... Juan 17:23 *Pagkat kay Jesus, ang pag-ibig ko sa iyo ay nahayag* ... Juan 17:26 *Siya ang ganap na sinag ng aking pagka Diyos* ... Hebreo 1:3 *Siya ay dumating upang ipakita na Ako ay panig sa iyo, at hindi laban sa iyo* ... Roma 8:31 *At upang sabihin sa iyo na hindi ko binibilang ang iyong mga kasalanan* ...2 Corinto 5:18-19 *Si Jesus ay namatay upang ikaw at Ako ay magkasundo* ...2 Corinto 5:18-19 *Ang kanyang kamatayan ay aging ganap na kapahayagan na ng aking pag-ibig sa iyo* ...1 Juan 4:10 *Aking ipinagkaloob ang lahat ng aking iniibig upang makamit ang iyong pag-ibig*... Roma 8:31-32 *Kung iyong tatanggapin ang kaloob ng aking anak na si Jesus, tinanggap mo rin Ako* ...1 Juan 2:23 *At wala nang makapaghihiwalay sa iyo sa aking pag-ibig* ... Roma 8:38-39 *Umuwi ka na sa akin at Ako'y magpapahanda ng pinakamalaking handaan na mangyayari sa langit* ... Lucas 15:7 *Ako ang Ama sa pasimula pa, at palaging magiging Ama* ... Efeso 3:14-15 *Ang tanong ay… Maaari ba kitang maging anak?* ... Juan 1:12-13 *Ako ay naghihintay sa iyo* ... Lucas 15:11-32

Nagmamahal, Iyong Tatay,

Makapangyarihang Diyos

Father's Love Letter used by permission Father Heart Communications Copyright 1999-2004 Tagalog translation by Luther Jeremiah G. Oconer
www.FathersLoveLetter.com/Tagalog